

Fire victims sa QC, aayudahan

Balita · 5 Jan 2020 · 4 · Jun Fabon

Tiniyak ng Quezon City government na bibigyan nila ng ayuda ang mga nasunogan sa Barangay Vasra, nitong Disyembre 31.

Sa abiso ng Disaster Risk Reduction and Management Council (DRRMC) at Social Services

Development Department (SSDD), tatanggap ng P10,000 cash ang bawat may-ari ng bahay na nasunog habang P5,000 naman ang ibibigay sa mga nangungupahan. Ang nasabing financial assistance ay nakatakdang ibigay ngayong araw sa QC hall. Sa pinakahuling ulat, naayudahan na ng city government ang may 165 pamilyang naapektuhan ng insidente at base sa inisyal na imbestigasyon ng BFP, faulty electrical wiring ang sanhi ng insidente.